ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo L Blg. 3
Pebrero 7, 2019
www.philippinerevolution.info




EDITORYAL

# Katarungan para sa lahat ng biktima ng pasistang rehimeng US-Duterte

Pinanghahawakan ng mga rebolusyonaryong pwersa na ang pasistang rehimeng US-Duterte ang ganap na responsable sa walang-pakundangang pagpatay kay Randy Felix Malayao, konsultant pangkapayapaan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) noong Enero 30. Isang buwan lamang bago ang pagpatay kay Malayao, hayagang inendorso mismo ni Duterte ang malawakang mga pagpatay at inutusan ang kanyang mga *death squad* na likidahin ang mga rebolusyonaryong pwersa at mga tagasuporta ng Partido at rebolusyonaryong kilusan.

Ang pagpatay kay Malayao ay simula ng mas pinasidhing terorismo ng estado at armadong pagsupil sa mga aktibistang nasa unahan ng malawak na nagkakaisang paglaban sa tiraniya ni Duterte. Si Malayao ang unang kilalang pambansang personahe na pinatay ng mga pwersang panseguridad ng estado matapos ang mahabang panahon. Ang pagpatay kay Malayao ay maaaring senyales na sa mga *death squad* ni Duterte na isagawa ang tahasang pagpatay sa mga lider masa at aktibista at iba pang mga pwersang oposisyon.

Sa harap ng patuloy na pagkabigong gapiin ang armadong rebolusyonaryong kilusan, ibinubulalas ng rehimeng Duterte ang pasistang galit nito laban sa mga ligal na

*"Katarungan..," sundan sa pahina 2*

## 6 kontra-atake, inilunsad sa BHB-NEMR

BINIGO NG BAGONG Hukbong Bayan (BHB) sa Northeast Mindanao ang nanghahalihaw na mga pasistang tropa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa Agusan del Sur at Surigao del Sur sa loob ng 25 araw. Ang naturang mga operasyon ay reaksyon ng AFP sa dalawang matagumpay na mga taktikal na opensiba ng BHB noong huling kwarto ng taong 2018. Ang walang awat na operasyong militar ay sinabayan pa ng panghuhulog ng bomba at istraping ng Philippine Air Force.

Ayon kay Ka Maria Malaya, tagapagsalita ng National Democratic Front of the Philippines-Northeast Mindanao Region, nagsagawa ang BHB ng anim na kontra-atake sa mga sundalo ng 4th ID na nag-operasyon sa mga komunidad mula pa noong huling

*"BHB-NEMR..," sundan sa pahina 3*

*"Katarungan..." mula sa pahina 1*

pwersang demokratiko gamit ang mga pangkat asasinasyon at pagbabaluktot sa mga batas at prosesong ligal upang higpitan ang mga organisasyong masa at progresibong institusyon. Armadong sinusupil ng mga ahenteng panseguridad ng estado ang mga magsasaka at manggagawa, gayundin ang mga guro, estudyante, abugado, mamamahayag at iba pang sektor, laluna yaong aktibong naggigiit ng kanilang demokratikong karapatan at interes at kritikal sa tiraniya ni Duterte.

Lumilitaw na pursigido si Duterte sa deklarasyon niyang isagawa ang "estilong Suharto" ng malawakang pagpatay tulad ng ginawang pagsalbeyds sa mahigit isang milyong kasapi at sumusuporta sa Partido Komunista ng Indonesia noong 1965-66 sa utos ng noo'y Gen. Suharto na malao'y magtatatag ng 30-taon madugong diktadurang militar.

Sa ambisyong maging pasistang diktador at panatilihin ang burukrata-kapitalistang paghahari ng kanyang pamilya at pangkat, nahuhumaling ngayon si Duterte sa paglupig sa mga pwersang pambansa-demokratiko bilang isa sa susing hakbangin sa kanyang iskemang tiraniko. Dumarami ngayon ang kaso ng ekstrahudisyal na pagpatay, mga masaker, pagdukot, sarbeylans, pagtortyur, arbitraryong pag-aresto, pagsasampa ng gawa-gawang kaso, matagalang pagkukulong, pagpwersa sa mga tao na "sumurender," iligalisasyon at pagsasara ng mga paaralang pangkomunidad at iba pang grabeng pang-aabuso.

Sa ilalim ng Oplan Kapayapaan at National Internal Security Plan ng 2018, niyuyurakan ng pasistang pagsalakay ang karapatan ng puopuong libong mamamayan. Bukod pa rito ang ilampung libong pinatay ng mga pwersang panseguridad ng estado at sinusuportahan nitong mga death squad sa tinaguriang "drug war" ni Duterte para kontrolin ang iligal na bentahan ng droga, gayundin ang ilandaang libong mamamayang Moro na ang mga karapata'y patuloy na inaapakan sa gera ni Duterte para kontrolin ang yaman ng lupang Bangsamoro.

Habang pinaiigting ni Duterte ang kampanya ng mga pagpatay at todong panunupil, umaalingawngaw sa buong bansa ang sigaw ng malawak na masa: Katarungan para kay Malayao! Katarungan para sa mga magsasakang pinapatay sa iba't ibang panig ng bansa at minasaker sa Sagay, Lake Sebu at iba pang lugar! Katarungan para sa mga manggagawang sinusupil dahil sa paggigiit ng karapatang mag-organisa at magwelga! Katarungan para sa daan-daang mga bilanggong pulitikal! Katarungan para sa puo-puong batang basta-basta ibinibimbin sa ngalan ng "proteksyon ng estado!" Katarungan para sa mga guro at iba pang walang katwirang sinasarbeylans at sinisindak! Katarungan para sa mga mamamahayag, abugado at iba pang target ng "Red-tagging" o pagpaparatang na komunista at pagbabanta! Katarungan para sa ilanlibong walang habas na pinaslang sa gera sa droga ni Duterte! Katarungan para sa daan-daan libong biktima ng walang pakundangang pagwasak sa Marawi City! Katarungan para sa kababaihang biktima ng walang hupa at walang-kahihiyang pandurusta ni Duterte! Katarungan para sa mga relihiyosong walang-lubay na inaatake ng panatisismo at pang-uudyok sa karahasan ni Duterte! Katarungan para sa buong sambayanang Pilipino na biktima ng tiraniya at terorismo ni Duterte!

Sa pakikibaka para sa katarungan, dapat paigtingin ng sambayanang Pilipino ang kanilang mga pampulitikang pakikibaka para malawakang ilantad, tuligsain at labanan ang pasistang atake ng rehimeng Duterte. Dapat silang maging mapangahas, agresibo at laging nasa opensiba upang papanagutin ang rehimen sa bawat isang kaso ng pang-aabuso ng militar pulis sa kapangyarihan. Dapat silang magrali sa lansangan upang gamitin ang kolektibong lakas ng masa. Kasabay nito, dapat silang magpunyagi sa mga pakikibakang ligal upang igiit

ANG Bayan

Tomo L Blg. 3 | Pebrero 7, 2019

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/progressiveviews
@prwc_info
fb.com/groups/prwcnewsroomv2
cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal**: Katarungan para sa lahat ng biktima ng pasistang rehimeng Duterte 1
Mga kontra-atake ng BHB sa NEMR 1
Pagpaslang kay Malayao, kinundena 4
Pagtatatag ng DGB sa Brgy. Sugar 5
Mga atake ni Duterte sa mga bata 7
Hindi kriminal ang mga bata 8
Apat na magsasaka, pinatay 9
Mga atake sa mamamayan ng NMR 9
Industriya ng niyog, patuloy na bumabagsak 10
Presyo ng mga bilihin, tumataas pa rin 11
Simbahan, mga progresibo, nagkaisa 13
Mendiola masaker, ginunita 13
Kampuhan ng Sumifru, naigiit 13
Mga progresibong *partylist*, inaatake 14
BOL, niratipikahan na 14
Sentenaryo nina Luxemburg, ginunita 14

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Katarungan.," mula sa pahina 1

ang kanilang mga karapatan sa ilalim ng internasyunal na mga batas at maging sa ilalim ng reaksyunaryong konstitusyon.

Binubuklod ang sambayanang Pilipino ng sigaw para sa katarungan sa harap ng paghahari ng teror ni Duterte. Dapat itong paalingawngawin sa mga pabrika, kampus, upisina, mga simbahan, komunidad at iba pa. Pinatatatag at pinalalawak nito ang kanilang nagkakaisang prente laban sa tiraniya at pasismo ni Duterte. Pinalalakas nito ang kanilang loob para lumaban kahit sa harap ng mga pagpatay, pananakot at pagbabanta.

Kasabay nito, dapat pukawin at pakilusin ang malawak na masa upang ang kanilang diskuntentong panlipunan ay maging pakikibaka para isulong ang kanilang mga karapatang pang-ekonomya at hangarin para sa katarungang panlipunan. Dapat magpunyagi sila sa sigaw para sa umento sa sahod at sweldo, para sa trabaho, lupa para sa nagsasaka, pabahay sa mga walang tirahan at iba pa. Dapat pukawin ang bayan upang tuligsain ang rehimen para sa pagpapataw ng pabigat na mga buwis at kabiguang kontrolin ang sumisirit na presyo ng pagkain at ibang saligang pangangailangan. Dapat nilang ilantad ang tinaguriang mga "programang pangkagalingan" ng rehimen, batikusin ang lubhang kakulangan ng serbisyong panlipunan at kundenahin ang korapsyon at pandarambong ng rekurso ng estado ng iilang burukratang kapitalista at malalaking burgesyang kumprador.

Sa harap ng tumitinding walang habas na atake ng rehimeng Duterte, dapat matalinong lumaban ang mga organisasyong masa para umiwas at biguin ang kampanya ng mga pag-aresto at pagpatay at maging handang gamitin ang kinakailangang mga taktika, kabilang ang pagbubuo ng malalim at malapad na lihim na lambat, kontra-paniniktik, pagbubunyag sa *social media* ng mga lihim na operatiba ng estado, at iba pa. Anumang oras, ang mga target ng pagpatay ay maaaring tumungo sa kanayunan kung saan maaari silang magpakanlong sa mga rebolusyonaryong base o kaya'y sumapi sa Bagong Hukbong Bayan.

Ang brutalidad ng rehimeng US-Duterte ay dapat ilantad na nagsisilbi kapwa sa kanyang paghahangad para sa absolutong kapangyarihan at sa pagtatanggol sa interes ng malalaking panginoong maylupa at malalaking burgesyang kumprador. Matalas na nauunawaan ng bayan na ang kanilang sigaw para sa katarungan ay nakakawing sa pakikibaka para wakasan ang rehimeng US-Duterte at sa kadulu-duluha'y nakadugtong sa rebolusyonaryong pagwawakas sa naghaharing mapang-api at mapagsamantalang sistema. AB

---

"BHB-NEMR..," mula sa pahina 1

linggo ng Disyembre 2018 at hanggang kalagitnaan ng Enero 2019. Tatlo sa mga kontra-atakeng ito ang pinakatampok:

> Pinasabugan ng BHB noong Disyembre 23 ang nag-ooperasyong mga sundalo ng 26th IB sa Sumulon, Barangay Padiay, Sibagat, Agusan del Sur. Isang operasyong haras ang isinagawa noong Enero 5 laban sa 3rd Special Forces Battalion (3rd SFB) sa kabundukan ng San Juan, bayan ng Bayugan sa parehong prubinsya.

> Pinasabugan din ng mga Pulang mandirigma ang nag-ooperasyong tropa ng 36th IB sa kabundukan ng Manhulayan, Barangay Bolhoon, San Miguel, Surigao del Sur noong Enero 7.



Ipinakikita ng mga operasyong militar na ito na binabalewala ng mga upisyal ng AFP at gubyernong Duterte ang kaligtasan ng kanilang 15 tauhang kasalukuyang *prisoner of war* (POW) o bihag-ng-digma (dalawang sundalo ng 3rd SFB at 13 tauhan ng CAA) na nasa kustodiya ng BHB, ayon kay Ka Maria. Naantala ang kanilang pagpapalaya dahil sa naturang mga operasyon.

Ang naturang mga POW ay nabihag noong Disyembre 19 sa isang reyd ng BHB detatsment ng CAA sa Barangay New Tubigon, Sibagat, Agusan del Sur. Sa naturang reyd, nakasamsam ang BHB ng 23 armas, kabilang ang isang M60 *light machinegun*.

Samantala sa Southern Mindanao Region, iniulat ni Isabel Santiago, tagapagsalita ng Mount Apo Subregional Operations Command, na isang upisyal ng Philippine National Police (PNP) at 11 iba pa ang nasugatan sa operasyong demolisyon ng BHB noong Enero 28 sa Purok 4, Sityo Kabisig, Barangay Poblacion, Magpet sa North Cotabato. Ang mga kaswalti ay pawang mga tropa ng PNP Provincial Mobile Company. Napatay sa taktikal na opensibang ito si PO3 Christopher Anadon.

Isang araw bago ito, binigo ng isang yunit ng BHB ang sumasalakay na pwersa ng 19th IB at grupong paramilitar na Bagani sa Sityo Salingsing, Barangay Amabel, Magpet. Sa kabilang banda, namatay ang Pulang mandirigma na si Ronnie Awe (Ka Dindo), 44, habang malubhang nasugatan ang kanyang anak na si Ka Wingwing.

Pinabulaanan ng nasabing dalawang labanan ang kasinungalingan ipinagkakalat ng militar na humihina na umano ang armadong rebolusyonaryong

"BHB-NEMR..," sundan sa pahina 4

"BHB-NEMR..," mula sa pahina 3

pwersa sa nasabing lugar, ani Santiago.

Samantala, sa isla ng Negros, dalawang sundalo ang napatay sa magkakahiwalay na mga opensiba ng BHB.

Dalawang sundalo ng 94th IB ang patay nang magsagawa ng operasyong isnayp ang BHB-Negros laban sa mga nakaistasyong sundalo sa kanilang kampo sa Barangay Trinidad, Guihulngan City, Negros Oriental noong Enero 29, alas-2 ng hapon. Ipinagbunyi ng mga residente ang nasabing opensiba laban sa 94th IB, na nagsasagawa ng operasyong "peace and development" sa naturang barangay.

Responsable ang 94th IB sa mga pamamaslang at iligal na pagdakip sa mga magsasaka noong Disyembre 27, 2018, gayundin sa iligal na panghahalughog sa mga kabahayan sa di bababa sa anim na sityo ng naturang barangay. Itinulak nito ang daan-daang residente na sapilitang lisanin ang kanilang mga bahay dahil sa takot.

Isang sundalo ng 15th IB ang napatay at isa pa ang nasugatan nang makasagupa nila ang BHB-Negros sa Sityo Pacama, Barangay Magballo, Kabankalan City, Negros Occidental noong Enero 18.

Sa Quezon, pinaralisa ng BHB-Quezon ang mga kagamitan ng mapaminsalang kumpanyang Pacific Summit Construction Group, Inc. sa Sityo Pandarawan, Barangay Maragondon, Real, Quezon noong Enero 21. Kabilang sa pinaralisa ng BHB ang tatlong *dumptruck,* dalawang *backhoe*, *generator set, transit mixer* at *loader*.

Mapangwasak sa kapaligiran ang mga operasyon ng kampanyang ito. Dahil sa pagtatayo ng kumpanya ng isang *hydroelectric plant*, daan-daang residente ang napalayas at nawalan ng kanilang kabuhayan. AB

# Pagpaslang sa konsultant ng NDFP, malawakang kinundena




UMANI NG MALAWAK na pagkundena ang pagpaslang kay Randy Felix Malayao, 49, mula sa rebolusyonaryong kilusan, mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao, progresibong organisasyon at malawak na mamamayan. Si Malayao ay isa sa mga konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa usapang pangkapayapaan.

Dalawang ulit siyang binaril habang natutulog sa sinasakyang bus nang huminto ito sa Aritao, Nueva Vizcaya noong Enero 30, alas-2:30 ng umaga. Agad siyang namatay. Sakay ng motorsiklo, mabilis na nakatakas ang bumaril kasama ang isa pa.

Mahigpit na binatikos ng iba't ibang grupo, kabilang ang Partido, ang pagpatay kay Malayao na pinaniniwalaang tuwirang kagagawan ng mga utusang mamamatay-tao ni Duterte.

Binatikos din ng mga grupong ito ang ipinakakalat na intriga ng AFP at PNP laban kay Malayao at sa rebolusyonaryong kilusan para pagtakpan ang kanilang krimen. Katunayan, malaon na nitong pinagbabantaan si Malayao, gayundin ang maraming rebolusyonaryong personalidad. Kabilang si Malayao sa listahan ng mga terorista sa kasong unang isinampa ng rehimen sa korte noong Pebrero 2018, bagaman tinanggal ang kanyang pangalan sa inamyendang petisyon nitong Enero 18.

Si Malayao ay isang kilalang aktibista mula noong estudyante pa siya sa University of the Philippines-Miag-ao sa prubinsya ng Iloilo. Nagsilbi siyang bise-presidente para sa Visayas ng College Editors Guild of the Philippines bago kumilos sa hanay ng mga magsasaka sa Cagayan Valley kung saan nagmula ang kanyang pamilya. Hinuli siya noong 2008 sa ilalim ng rehimeng Arroyo at ikinulong sa gawa-gawang mga kaso sa loob ng apat na taon.

Nang lumaya siya, kinuha siyang konsultant ng NDFP, habang patuloy na nagsisilbi sa mga organisasyong masa. Sa partikular, myembro siya ng Reciprocal Working Group on Political and Constitutional Reforms. Dito, nagpakita siya ng talas at mahigpit na paggagap sa kalagayan ng mamamayan na bunga ng ilang dekadang paggampan ng mga rebolusyonaryong tungkulin sa hanay nila, at kasiglahan para sa kanyang mga gawain na katulad sa bawat tungkuling hinarap at ginampanan niya sa nakaraan.

Inalala ng NDFP si Malayao bilang isang "taong marami ang kasanayan na rebolusyonaryo sa kaibuturan—isang katangi-tanging estudyante, lider-kabataan, mahusay na manunulat at mamamahayag, syentista, organisador ng mga magsasaka at manggagawa, internayunalista at mandirigma para sa kapayapaan at hustisya."

Para kundenahin ang pagpaslang kay Malayao at iba pang mga biktima ng rehimen, nagtipon ang mga guro, mag-aaral at organisasyon para sa karapatang-tao sa harap ng Quezon Hall, UP Diliman. Nagkaroon din ng protesta sa University of Sto. Tomas at Far Eastern University at mga manggagawa mula sa Courage at Kilusang Mayo Uno. Hustisya rin para kay Malayao ang panawagan ng mga progresibong grupo mula sa Panay, Baguio at Laguna. AB

# Lokal na demokratikong gubyernong bayan, itinatag sa Barangay Sugar

Idinaos ang kumperensyang bayan sa Barangay Sugar, di tunay na pangalan ng isang barangay sa rehiyon ng CARAGA, para itayo ang komiteng rebolusyonaryo sa baryo (KRB) noong Disyembre 2018. Ang KRB ang batayang yunit ng demokratikong gubyernong bayan (DGB). Ang barangay Sugar ay binubuo ng pitong sityo at may populasyong 1,000 na halong Lumad at di-Lumad.



Dumalo sa kumperensya ang 120 kasapi ng sangay ng Partido sa lokalidad (SPL) at mga myembro ng organisasyong masa. Lumahok din ang ilang upisyal ng barangay at nakaaangat na indibidwal. Dumalo rin ang mga kadre ng Partido sa larangang gerilya, mga Pulang mandirigma at mga piling tagamasid. Para matiyak ang kaligtasan ng mga delegado, 24 oras na nagmatyag sa paligid ang milisyang bayan at komiteng depensa sa baryo. Nagsilbing punong-abala ang larangang gerilya sa lugar.

"Tiniyak talaga ng mga delegado na makadadalo sila sa kumperensya kahit marami silang trabaho sa bukid," salaysay ni Ka Tabli, isa sa mga delegado. Dala rin ng ibang nanay ang kanilang maliliit na anak, na inaruga ng mga Pulang mandirigma habang nasa sesyon ang kapulungan.

Bago simulan ang kumperensya, inihapag ng mga kinatawan ng mga sityo ang kani-kanilang panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa mga uri. Naging masigla ang pagtutukoy ng mga uri ng mga magkakapitbahay. Karamihan sa kanila ay mga *saop* o manggagawang bukid. "Minsan may kaunting kalituhan," sabi ng isang delegado, "kasi may magsasaka na may sariling lupa pero dahil maliit ang kinikita, madalas na nagtatrabaho rin para sa panginoong maylupa. Maliit na magsasaka ba siya o *saop?* May iba ring ayaw umamin na panggitnang uri sila."

Idinaos ang kumperensya sa gitna ng matinding operasyong militar ng AFP. Katunayan, may mga sundalong nanghahalihaw sa katabing baryo nang binuksan ang kumperensya. Sa kabila nito, itinuloy ang pulong at inilatag ang adyenda. Inuna nila ang ulat kaugnay ng kilos ng kaaway at mga hakbang para matiyak ang kaligtasan ng lahat ng mga delegado bago ipinwesto ang mga ulat ng pagtatasa at pag-aaral ng mga balangay ng mga organisasyong masa; eleksyon at pagbabalangkas ng plano.

Sa pormal na pulong, nagbalik-aral ang kumperensya sa mahahalagang gabay at dokumento ng Partido tulad ng Rebolusyonaryong Gabay sa Reporma sa Lupa at pag-aaral hinggil sa pagtatatag ng organo ng kapangyarihang pampulitika. Naging masigla ang talakayan tungkol sa usaping ito, laluna kaugnay ng hukumang bayan. Isa sa halimbawa ang tungkol sa nakawan ng kalabaw at mga halagang hayop tulad ng manok, baboy at iba pa. Nagkaroon din ng talakayan tungkol sa pwersahang "pagpapasurender" ng AFP sa mga sibilyan, E-CLIP at *Red-tagging*. Para pasiglahin pa ang diskusyon, nagkaroon ng pangkulturang pagtatanghal ang mga kabataang dumalo sa kumperensya.

Isa sa mga tinalakay sa kumperensya ang paglulunsad ng pagpapasigla ng rebolusyong agraryo at pag-aangat sa kalidad ng kabuhayan ng lahat ng mga residente nito. Bago binuo ang KRB ay may ilan nang napagtagumpayang mga kampanya ang Barangay Sugar. Halimbawa nito ang kampanya sa pagpapataas sa sahod ng mga manggagawang bukid na naging P300 bawat araw, na dating P250 lamang. Natamo ito sa isang dayalogo kaharap ang dalawang mayamang magsasaka at dalawang panginoong maylupa.

"Agad na tumugon sa demanda ang mayayamang magsasaka habang binalewala ito ng mga panginoong maylupa. Kaya nagpasya ang mga manggagawang bukid na ikasang muli ang kampanya laban sa mga panginoong maylupa. Saka pa lamang sila tumugon," ani ni Ka Jina, isa sa mga punong-abala.

Sa pagkakataong iyon, binalangkas ang isang memorandum na nilagdaan ng mga tagapamagitang upisyal upang bigyang bisa ang napagkasunduan. Kabilang sa mga sumaksi ang barangay, taong-simbahan at mga guro ng barangay. Napasakamay din ng mga manggagawang bukid ang 10 ektarya ng lupa mula sa despotikong panginoong maylupa na nagpalayas sa kanila. Pinangasiwaan ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa ang pagbabaha-bahagi ng lupa.

Sa huling araw ng kumperensya,

idinaos ang eleksyon ng pamunuan ng KRB, ang lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika. "Alam na agad ng mga delegado kung sinu-sino ang mga inunomina," kwento ni Ka Tabli. Subok na sa mga rebolusyonaryong gawain ang mga nahalal. Karamihan sa kanila ay nagmula sa maralitang magsasaka. Sa halalan, mahusay na naipadaloy ang demokrasya.

"Katanggap-tanggap ang naging resulta ng halalan, lahat ng mga nominado ay may kapasidad nang pamunuan ang gubyernong bayan" ani ni Ka James, kasapi ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid.

Pinag-aralan at niresolba ng bagong buong komite ang naging mga suliranin sa pagpapatakbo ng mga organisasyong masa sa lugar. "Isa sa mga naging kahinaan natin ay sa tuwing may presensya lamang ng hukbong bayan tayo nagtitipon. Hindi natin nagagampanan ang ating mga tungkulin kung wala sila," puna ni Ka Mel, bagong-halal na tagapangulo ng KRB. "Kaya, dapat tayo na mismo ang magreresolba sa mga problemang ating kinahaharap para magampanan pa ng hukbo ang iba pa nilang mga gawain," dagdag ni Ka Mel.

Isa sa mga nahalal na kagawad ng KRB si Ka Lapi ng lokal na balangay ng Makibaka. Tatlo sa apat niyang anak ay mga Pulang mandirigma. Kamakailan lamang, napatay sa isang labanan ang isa sa kanyang mga anak na kanyang ikinalungkot pero hindi niya pinanghinaan ng loob at bagkus ay pinaghahalawan pa ng inspirasyon. Katunayan, sabik nang sumapi sa hukbong bayan ang kanyang bunsong 17-taong gulang pa lamang.

Ang Barangay Sugar pa lamang ang nakapagtatag ng KRB sa kinapapalooban nitong klaster ng mga barangay. Kaya, isa sa mga tungkulin nito ay ang pagtulong sa ibang balangay na makapagtatag ng KRB. Sa ngayon, karamihan sa mga barangay na nakapaloob sa klaster ay nasa antas balangay na may 70% mga organisadong masa, at may iilan na nasa antas komiteng taga-organisa pa lamang.

Matapos ang halalan ay binigyang diin ng kumperensya ang pagbalangkas ng mga ordinansa at resolusyon sa mga isyu at problema na kinahaharap ng barangay. Kabilang sa mga napagkasunduan ay ang pagtatayo ng kooperatiba, pagpapatibay ng milisyang bayan, seguridad at ordinansa tungkol sa paglalasing, pagnanakaw ng kalabaw at mga alagang hayop, at iba pang anti-sosyal na gawi.

Binalangkas din ng KRB ang isang taong plano at programa para magampanan ang mga gawain kahit wala ang presensya ng hukbo. Kasama dito sa plano ang pagkumpleto ng pagsusuri para sa ilulunsad na kampanya laban sa huwad na sertipikasyon ng lupang ninuno (Certificate of Ancestral Domain Title o CADT) at paggawad sa malalaking kumpanya ng mina ng mga konsesyon ngayong taon. Nakaambang pumasok ang kumpanyang ito sa Barangay Sugar at pito pang katabi nitong barangay. Mayaman ang mga barangay na ito sa ginto, tanso at iba pang mga minerales, kaya tusong ipinasaklaw sa CADT ang mga trosohan upang madali itong minahin.




Itinakda rin ng KRB ang mga iskedyul ng pagtitipon ng bawat komite: ekonomya, kalusugan, edukasyon, depensa at organisasyon. Nakapaloob sa kabuuang plano ng KRB ang mga pagsasanay at pag-aaral na itinalaga sa bawat komite. Ang mga ito ay inilulunsad batay sa mga libreng araw ng mga kasapi.

"Kitang-kita ang saya ng mga delegado na naitayo na ang kanilang KRB," kwento ni Ka Tabli. "Damang-dama nilang dumadaloy ang demokrasya at kapangyarihan bilang mamamayan sa idinaos na kumperensya."

Para sa mga Lumad, *saop* at maliliit na magsasaka na matagal nang inaapi at pinagsasamantalahan sa ilalim ng kasalukuyang sistemang panlipunan, isang malaking hakbang ang pagkakabuo ng KRB. AB

**Baylosis, lumaya na**

LUMAYA NA SI Rafael Baylosis, konsultant ng NDFP mula sa halos isang taong pagkakulong matapos ibasura ng korte ang gawa-gawang kasong "illegal possession of firearms and explosives" laban sa kanya noong Enero 15, 2019. Kasama niyang lumabas sa kulungan noong hapon ng Enero 18 si Roque Guillermo Jr. Ayon kay Presiding Judge Editha Mina Aguba ng Regional Trial Court-Branch 100-Quezon City, ibinasura niya ang kaso dahil sa kakulangan ng ebidensya laban kina Baylosis. Sina Baylosis at Guillermo ay inaresto ng mga operatibang paniktik ng militar at pulis sa Quezon City noong Enero 31, 2018.

Sa kaugnay na balita, nagpiket ang Free Bob Reyes Movement sa harap ng Quezon City Hall of Justice noong Pebrero 6 kasabay ng pagdinig sa gawa-gawang kasong isinampa sa kanya.

Si Reyes, kasapi ng Sandigan ng Manggagawa sa Quezon City ay iligal na dinakip ng apat na armadong lalaki noong Hunyo 2, 2018. Mahigit 12 oras ang nakalipas bago siya inilitaw sa CIDG detention sa Camp Crame.

# RATED X: Ang lumalalang atake ng rehimeng Duterte sa mga bata

**Kung palabas sa telebisyon o pelikula ang paghahari ni Duterte, dapat itong markahang "rated X"—masama at hindi para sa mga bata.**

Sunud-sunod ang atake ng rehimen sa mga bata sa nagdaang mga buwan at linggo. Nitong Enero 30 lamang, dinakip ng mga pwersa ng pulisya at militar ang dalawang musmos—1- at 2-taong gulang, kasama ang isa pang menor de edad, sa isang reyd sa upisina ng Misamis Oriental Farmers Association (MOFA).

Kasama ang limang kasapi ng MOFA, dinakip ang mga bata at ihiniwalay sa kanilang mga magulang at tagabantay. Ikinulong ang mga kasapi ng MOFA, samantalang dinala sa upisina ng Region 10 Social Welfare and Development Office ang mga bata. *(Tingnan ang kaugnay na artikulo tungkol sa crakdown sa Northern Mindanao Region.)*

Sa ibang bahagi ng Mindanao, walang patumangga ang pamamaril, militarisasyon at pambobomba sa mga paaralang Lumad. Dahil dito, paulit-ulit na nagbakwit ang mga estudyante—kung saan marami ay mga batang paslit— at naantala ang kanilang pag-aaral.

Sa kalunsuran, nakapagtala na ng aabot sa 100 kaso ng pagpatay ng mga batang may edad 18 pababa kaugnay ng gera kontra droga o Oplan Tokhang. Mahigit 18,000 bata naman ang naulila bunsod ng pagkamatay ng kanilang mga magulang sa Tokhang mula 2016.



### Paghasa ng pangil ng batas

Bukod sa walang-patumanggang pagpatay at direktang pag-atake, hinahasa rin ng rehimen ang mga pangil ng batas upang higit pang makapanalasa sa mga bata.

Sa nagdaang mga linggo, niraratsada ng Kongreso ang pagpasa sa isang panukalang batas na magpapababa sa edad ng ng maaaring kasuhan ng krimen o "minimum age of criminal responsibility" (MACR) mula sa kasalukuyang 15 taong gulang tungong 12. Kapag naipasa ang batas, maaari nang hatulan bilang kriminal at ikulong ang batang kahit 12 taon pa lamang.

Direktang utos ito ni Duterte, dahil aniya, naglipana daw ang mga batang kriminal. Pinaratsada niya ito kay dating pangulo at ngayo'y House Speaker Gloria Arroyo sa Kamara, kahit pa si Arroyo ang lumagda noong 2006 sa Republic Act No. 9344 o ang Juvenile Justice and Welfare Act, na nagtakda ng edad 15 bilang MACR. Nang tanungin si Arroyo kung bakit niya ito niratsada, ang tanging tugon niya ay "dahil gusto ng presidente."

Sa Senado, wala ring humpay ang pagratsada sa batas, kahit pa daan-daan nang espesyalista at mga pag-aaral ang nagsasabing wala pa sa tamang edad ang batang 12 taong gulang upang buong-buong makilatis ang epekto ng kanyang mga gawi, at na magdudulot ng panghabambuhay na pagkasira ng landas ng mga bata ang pagsentensya sa kanila bilang kriminal.

Sa pagdinig ng Senado, lalupang ginatungan ang kahangalang ito ni Arroyo ni Senate President Vicente Sotto III na nagsabing ang pagpasa sa batas ay may kinalaman sa gera kontra droga. Aniya, dahil hindi kayang makasuhan ang mga lider ng mga sindikato, ang mga batang biktima ang kanilang pananagutin.

Ang ganitong pakana ay dugtong sa iba pang kontra-mahirap at kontra-mamamayang pakana ng rehimen na tumatarget sa mga biktima ng mga kriminal na sindikato, matanda man o bata. Wala itong balak habulin ang mga lider at mabibigat na personahe nito. Hindi ito kataka-taka lalupa't si Duterte mismo ang numero unong protektor ng naturang mga sindikato.

### Pasistang indoktrinasyon

Bukod sa panukalang pagpapababa ng MACR, niratsada rin kamakailan ng Kongreso ang isang panukalang batas para ipailalim ang mga menor de edad sa pwersahang treyning at pasistang indoktrinasyon sa ilalim ng Reserve Officers Training Corps (ROTC) para sa Grade 11 at Grade 12. Ito ay sa kabila ng pagtatanggal ng ROTC sa kolehiyo matapos ang karumal-dumal na pagpatay noong 2001 kay Mark Welson Chua, estudyante ng UST, na nagsiwalat ng matin-

ding korapsyon sa loob ng programang ito.

Ang pagpataw ng ROTC sa hayskul ay taliwas kahit sa mga reaksyunaryong batas. Isa sa mga batas na ito ang Republic Act 7610 na nagbabawal sa paggamit sa mga paaralan at ospital sa mga aktibidad-militar. Taliwas din ito sa mga pandaigdigang batas at tratado kabilang ang Rules 22-24 ng International Humanitarian Law na nagbabawal sa militarisasyon ng mga paaralan.

Bukod sa planong ipataw ang rekisitong ROTC, naghihintay na lamang ng pirma ni Duterte ang panukalang "Special Protection of Children in Situations of Armed Conflict Act," na ipinasa ng Kongreso noon pang nakaraang taon.

Mapanlinlang ang nasabing batas, dahil ayon sa mga nagpanukala nito, susugpo daw ito sa paggamit ng mga rebeldeng grupo, kabilang na ang rebolusyonaryong pwersa, ng mga bata bilang mandirigma. Pero ang totoo, dagdag paraan lamang ng rehimen ang nasabing batas para kasuhan ang mga lider ng mga komunidad na kanilang sinasalanta ng pekeng mga kaso ng paggamit sa mga bata sa gera.

Isang tampok na insidente ang iligal na pag-aresto kay Satur Ocampo at mga kasama niyang sumaklolo sa mga batang Lumad na ginipit ng AFP at mga paramilitar noong nakaraang taon sa Talaingod, Davao del Norte. Sinampahan ng gawa-gawang kasong pagkidnap sina Ocampo at iba pa matapos nilang sagipin ang mga estudyante at guro sa kanilang eskwelahan para dalhin ang mga ito sa mas ligtas na lugar. Ikinulong sina Ocampo habang ang mga bata ay animo'y ikinulong sa upisina ng DSWD. Inobliga ng ahensya na magsumite ang mga tagapangalaga ng mga papeles bago nila mabawi ang mga estudyante.

**Panuntunan ng Partido hinggil sa mga bata**

Pinabubulaanan ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang mga kasinungalingan ng militar, Kongreso, at ng ilang grupo na gumagamit ito ng mga bata sa pakikidigma, na isa umano sa mga dahilan kung bakit nagpasa ang reaksyunaryong Kongreso ng batas laban dito.

Marami nang dokumento at alituntuning inilabas ang Partido, ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) at ang National Democratic Front of the Philippines (NDFP) hinggil sa istriktong paggalang sa karapatan ng mga bata.

Noong Agosto 30, 1999, naglabas ang Military Commission ng Partido ng dokumentong *On the NPA's Alleged Mass Recruitment of Child Guerillas,* na sinundan ng dokumento mula sa Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral ng PKP noong Oktubre 15, 1999 na pinamagatang *Memorandum on the Minimum Age Requirement for NPA Fighters.* Sa ilalim ng nasabing mga dokumento, istriktong inilagay sa edad 18 ang minimum na edad upang maging kasapi ng BHB. Nakalagay din sa nasabing mga dokumento kung paano susubaybayan ng Partido ang pagtupad sa nasabing alituntunin.

Naglabas din ang NDFP ng *Declaration and Program of Action for the Rights, Protection and Welfare of Children,* kung saan isinaad nito na bukod sa minimum na edad na 18 para maging kasapi ng BHB, kinikilala rin ng mga rebolusyunaryong pwersa ang mga pandaigdigang panuntunan gaya ng UN Convention on the Rights of the Child ng 1990.

Sa nasabing dokumento, inatasan ng NDFP ang mga komite sa ilalim ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika (OKP) na tiyakin ang pag-aaral at kalusugan ng mga bata, laluna yaong 15-taong gulang pababa. Gayundin, hinihimok nito ang mga OKP at rebolusyonaryong organisasyong masa na itayo ang mga organisasyon ng mga bata bilang pagkilala sa kanilang karapatan na itaguyod at isulong ang kanilang sariling mga karapatan at lumahok sa pagbabago ng lipunan ayon sa kanilang kakayahan.

Gayundin, ginagalang ng NDFP ang karapatan ng mga bata alinsunod sa iba pang internasyunal na batas tulad ng Geneva Conventions and Protocol 1.

TANGING ANG ISANG rehimeng desperadong kumapit sa kapangyarihan ang magbabaling ng galit at gagamit sa mga walang kamuwang-muwang na mga paslit. Masugid na ipagtatanggol ng lahat ng rebolusyonaryong pwersa ang karapatan at kapakanan ng mga bata, at hindi nito isusugal ang kanilang kaligtasan. AB

## Hindi kriminal ang mga bata

NAGPIKET ANG MGA tagapagtaguyod ng karapatan ng mga bata sa harap ng Senado kasabay ng pagdinig nito sa pagpapababa ng batas para maging kriminal ang mga bata noong Pebrero 4. Una nang inaprubahan ang panukala sa Kongreso.

Bago nito, pinangunahan ng Gabriela Partylist at Salinlahi Alliance for Children's Concerns ang serye ng protesta at panawagan para tutulan ang pagbabago ng Juvenile Justice and Welfare Act, kung saan maaari nang ikulong ang may batang 12 taong gulang.

Sa pahayag ni Rep. Arlene Brosas ng Gabriela Partylist, hindi nilulutas ng pagkukulong sa mga bata ang malawak na kriminalidad sa bansa. Dagdag pa nito, dapat ituon ng gubyerno ang atensyon para tugunan ang iba pang mahahalagang usapin na nakaaapekto sa mga bata, gaya ng *child labor,* malnutrisyon, edukasyon at iba pa.

Nakiisa rin sa pagkilos ang mga grupo ng kabataan at mga guro mula sa iba't ibang paaralan sa Metro Manila at Cebu. AB

# Apat na magsasaka, pinatay

Apat na magsaaka ang pinatay ng rehimeng US-Duterte nitong nakaraang dalawang buwan habang tuluy-tuloy ang mga atake at panggigipit nito sa mga taong-simbahan at iba pang sektor na tumututol sa pasismo ng estado.

Sa Surigao del Sur, dalawang magsasakang Lumad ang pinatay ng mga sundalo ng 36th IB, bahagi ng papatinding mga paglabag ng rehimen sa karapatang-tao sa Northern Mindanao sa ilalim ng batas militar. *(Tingnan ang detalye sa kaugnay na artikulo sa pahina 10.)*

Sa Zamboanga del Sur, pinatay ng mga elemento ng PNP-Region 9 Public Safety Battalion si Sergio Atay, 35, myembro ng Magbabaul-Kilusang Magbubukid ng Pilipinas. Ayon sa mga saksi, binabaybay ni Atay ang haywey sa hangganan ng Sapang Dalaga, Misamis Occidental at Rizal, Zamboanga del Norte noong Enero 28 nang harangin siya ng mga pulis sa isang tsekpoynt, dinakip at ininteroga. Kinabukasan, natagpuan ang kanyang bangkay sa Barangay San Roque, Rizal. May limang tama ng baril sa ulo si Atay, nakagapos at may mga palatandaan ng tortyur. Matagal nang pinararatangan ng mga militar at pulis si Atay at ang kanyang asawa na mga myembro ng BHB.

Sa Camarines Sur, isang ginang, si Rowena Gavina, ang pinatay ng mga sundalo ng pinagsanib na pwersa ng 96th at 97th Military Intelligence Company, 5th Intelligence and Security Unit, at 83rd IB nang kubkubin ng mga ito ang bahay ng biktima noong Enero 30, alas-6 ng umaga sa Barangay Tierra Nevada, Tinambac. Matapos nito'y iprinisinta ang bangkay ni Gavina bilang myembro umano ng BHB.

**Intimidasyon at panggigipit sa mga pari** .Anim na pari ng Iglesia Filipina Independiente ang ginipit ng mga ahente ng estado sa magkasunod na araw.

Noong Enero 30, umabot sa 17 sundalo at pulis ang nagpailalim kay Rev. Fr. Marco Sulayao sa intimidasyon at panggigipit. Alas-9 ng araw na iyon, habang nasa byahe si Fr. Sulayao mula Iloilo patungong Bacolod, umupo sa malapit ang tatlong naka-unipormeng pulis. Pagdating sa Bacolod, pitong sundalo naman na naka-*full battle gear* ang naupo sa katabing mesa kung saan siya kumakain ng pananghalian. Matapos nito, pagbaba ng pari sa bus sa San Carlos City bandang alas-4 ng hapon, pitong nakaunipormeng pulis naman ang nagmamatyag sa kanya at kinukunan siya ng litrato.

Kinabukasan, sa Pambansang Katedral ng IFI sa Taft Avenue sa Maynila, dalawang ahente ng estado ang iniulat na naniktik kina Fr. Cristopher Ablon, Fr. Marciano Carabio, Fr. Jerome Lito at Fr. Arnold Abuel. Mula pagpasok ng mga pari sa katedral bandang alas-7 ng gabi, hanggang paglabas nila kinalaunan, ay nagmamatyag ang dalawa. Magkaangkas din sa motorsiklo ang dalawa habang sinusundan ang traysikel na sinasakyan ng mga pari.

**Panggigipit sa mga aktibista**. Noong Enero 23, bandang alas-4:30 ng hapon, halos kalahating oras na binuntunan ng tatlong ahente ng estado ang sasakyan ni Reylan Vergara mula sa Barangay Tagbak hanggang sa sentro ng Jaro sa Iloilo City. Si Vergara ang pambansang bise presidente ng Karapatan.

Isang linggo bago nito, pinagbantaan ng isang nagpakilalang Lt. Ronaldo ang lider magsasaka sa Panay na si Elmer Arlao. Pinatitigil ni Ronaldo si Arlao sa pag-oorganisa ng mga magsasaka, at kung hindi ay matutulad umano sa mga biktima ng Oplan Tokhang.

Nakatanggap naman ng mga pagbabanta sa text noong Enero ang mga lider estudyante na sina Khim Russel Abalos ng University Student Council; Jose Mari Callueng, pambansang tagapangulo ng College Editors Guild of the Philippines; Raoul Manuel, pangkalahatang kalihim ng National Union of Students of the Philippines at Ivy Joy Taroma, Student Regent ng University of the Philippines. Inakusahan sila ng AFP na mga "rekruter ng NPA."

**Sapilitang pagpapalayas sa mga komunidad.** Buu-buong mga komunidad ang napilitang lisanin ang kanilang mga bahay at kabuhayan dulot ng walang puknat na militarisasyon at pambobomba ng AFP.

Sa Samar, 34 pamilya naman mula sa Barangay Bay-ang, San Jorge ang nanunuluyan ngayon sa *municipal health clinic* ng naturang bayan dahil sa takot dulot ng operasyong militar ng 63rd IB at walang habas na pag-iistraping ng mga helikopter sa kanilang mga barangay na nagsimula noong Enero 15.

Sa Sulu, mahigit 300 residente ng Barangay Latih sa Patikul ang sapilitang napalayas dahil sa tuluy-tuloy na *airstrike* ng militar sa kanilang komunidad.

Samantala, noong Pebrero 4, nagpatrulya ang mga elemento ng 94th IB, kasama ang CAFGU na si Renan Malig-on, sa Barangay Trinidad, Guihulngan City. Sapilitan nilang pinasok ang bahay ni Bebong Alpeche at isang kinilalang "Amay".

**Demolisyon sa mga maralita.** Bagamat walang kautusan mula sa korte, pinagwawasak ng mga maton at pulis ang 31 kabahayan sa Riverside, Barangay Looc, Mandaue City noong Enero 30 bandang alas-9 ng gabi. Apektado ng demolisyon ang 200 residente na wala ngayong matitirhan dahil sa kawalan ng planong relokasyon ng lokal na pamahalaan. AB

# Papatinding atake sa mamamayan ng NMR

Papatindi ang mga atake ng rehimeng US-Duterte sa mamamayan ng Mindanao, laluna sa mga magsasaka at pambansang minorya, sa ilalim ng batas militar. Partikular sa Northern Mindanao, tumaas ang bilang ng ekstrahudisyal na pamamaslang, iligal na pang-aaresto at detensyon, pananakot, panggigipit, sapilitang pagpapasurender at militarisasyon ng buu-buong komunidad.

Ang mga ito ay naglalayong patahimikin ang pakikibaka ng mamamayan para sa lupa, lupang ninuno at karapatan para sa pagpapasya sa sarili. Gayundin, layunin nitong bigyang-daan ang interes ng mga korporasyong nag-aari ng malalawak na plantasyon at mga mandarambong sa kalikasan.

Ayon sa mga ulat ng mga tagapagtanggol ng karapatang-tao, mula nang ipataw ang batas militar sa Mindanao hanggang Disyembre 2018, mayroon nang hindi bababa sa limang kaso ng bigong pamamaslang, isang kaso ng pagkawala, 10 biktima ng pagtortyur, 100 kaso ng iligal na pag-aresto at detensyon, 465 pananakot, harasment at intimidasyon, 245 biktima ng walang pakundangang pamamaril, 727 pambobomba at 1,827 indibidwal ang biktima ng pwersahang paglikas.

Tumaas din nang ilang daan ang bilang ng kaso ng huwad at sapilitang pagpapasuko sa Bukidnon partikular sa bayan ng San Fernando, Quezon, Pangantucan, Sumilao at Impasug-ong. Kabilang sa mga naisadokumento ng grupo ang kaso ng pamamaslang noong Setyembre 15, 2018 kay Rex Hangadon, isang magsasakang Lumad na binaril ng mga sundalo ng 23rd IB habang nagpapahinga sa kanyang kubo sa Sityo Bulak, Lower Olave, Buenavista, Agusan del Norte. Samantala, ang kanyang ama na kasama niya sa panahong ito ay nawawala.

Pagpasok ng 2019, litaw ang paggamit ng rehimen ng mga sibilyang institusyon at ahensya para sa mga layuning militar sa ilalim ng "whole-of-nation approach" at 12 Pillars ng NISP. Kabilang ang sumusunod sa pinakahuling mga kaso ng pamamaslang at panggigipit ang sumusunod:

**Pamamaslang.** Dalawang magsasakang Lumad, si Randel Gallego at Emel Tejero, ang pinatay ng mga sundalo ng 36th IB noong Enero 24 sa Barangay Buhisan, San Agustin, Surigao del Sur. Si Gallego at Tejero, kasama ang apat pang magsasaka, ay tumungo sa Sityo Dilinggion, Km 30 sa naturang barangay upang mag-ani ng abaka. Habang naglalakad pauwi bandang alas-2 ng hapon, nakasalubong ni Gallego, Tejero at dalawa pa nilang kasamahan sa Km 19 ang mga sundalo. Agad na pinaputukan ng militar ang grupo, at tinamaan sina Gallego at Tejero. Nakaligtas ang dalawa nilang kasama at nag-ulat sa komunidad.

Samantala, ang dalawa pang magsasakang naiwan sa abakahan ay nagdesisyong umuwi matapos marinig ang putukan. Nakasalubong nila ang mga sundalo at sila'y iligal na inaresto. Dinala sila pabalik sa abakahan, iginapos at magdamag na isinailalim sa interogasyon. Kinabukasan na sila pinalaya ng mga sundalo.




Matapos ang limang araw, ibinalita ng 401st Brigade na sina Gallego at Tejero ay mga myembro umano ng BHB na napatay nila sa labanan.

Ang mga sundalo ng 401st Brigade, kabilang ang 75th IB, 36th IB at 16th SFB, ang umaatake sa mga komunidad ng mga Manobo sa Lianga, Marihatag, San Agustin at Tago simula pa noong Disyembre 2018.

**Iligal na pang-aaresto.** Sunud-sunod na iligal na inaresto ng mga sundalo at pulis ang anim na aktibista sa Misamis Oriental noong Enero 28 at 30.

Noong Enero 28, dinukot ng mga sundalo ng 65th IB at PNP-Criminal Investigation and Detection Group sina Datu Jomorito Goaynon, tagapangulo ng Kalumbay Regional Lumad Organization, at si Ireneo Udarbe, tagapangulo ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas sa Northern Mindanao.

Mula sa kanilang upisina sa Barangay Bulua, Cagayan de Oro City, bumiyahe ang dalawa bandang alas-10 ng umaga para makipagpulong sa isang myembrong organisasyon ng Kalumbay at pagkatapos ay makipagdayalogo sa mga kinatawan ng 65th IB hinggil sa mga reklamo ng panggigipit at pwersahang pagpapasuko na ginagawa ng mga sundalo. Hindi na nakarating sa pulong ang dalawa at naputol ang komunikasyon sa kanilang mga pamilya at kasamahan.

Kinabukasan, iniharap sila sa publiko bilang mga lider umano ng BHB at sinampahan ng gawa-gawang kaso batay sa mga tanim na ebidensya.

Noon namang Enero 30, bandang alas-6:30 ng gabi, nilusob ng

*"NMR..," sundan sa pahina 11*

parehong yunit ng PNP at AFP ang upisina ng Misamis Oriental Farmers' Association (MOFA) sa Barangay Looc, Villanueva, Misamis Oriental. Dinakip sina Jerry Basahon, 48, tagapangulo ng MOFA; Gerald Basahon, 43, myembro ng konseho ng MOFA at mga istap na sina Marivic Coleta, 22, at Mylene Coleta, 19.

Bukod dito, kinuha rin ng mga umaresto ang dalawang paslit at isang menor-de-edad at ibinibimbin sa DSWD. Gamit ang ahensya, mistulang *hostage* ang mga batang pinaghihinalaang anak ng BHB. Maniobra ito ng estado upang obligahin ang magulang ng mga bata na magpakita. Pagyurak ito sa karapatan ng mga bata na mamuhay ng malaya at ligtas sa lahat ng klase ng karahasan. Ang karapatang ito dapat ay tinataguyod pangunahin ng estado.

Bago pinasok ng mga sundalo at pulis ang upisina, pinaputukan muna nila ito, at tinutukan ng baril maging ang mga bata. Nagtanim ng ebidensyang baril at mga pampasabog ang mga sundalo at pulis at inakusahan ang apat na mga myembro ng BHB.

**Militarisasyon at pambobomba sa mga komunidad ng mga Lumad.** Nitong Enero 21, ilang serye ng pambobomba ang isinagawa ng AFP malapit sa komunidad ng Decoy, Panukmoan, Manluy-a, at Km. 15 sa Barangay Diatagon. Dahil dito, napwersang lisanin ng 55 pamilya ang kanilang mga bahay. Noon namang Enero 22, 64 pamilya at 333 na indibidwal mula sa mga komunidad sa Manluy-a, Panukmoan at Decoy sa Lianga, Agusan del Sur ang lumikas dahil sa walang humpay na operasyong militar at pambobomba. Sila ay kasalukuyang dumaranas ng matinding truma at kagutuman dulot ng *food blockade* at pambobomba. AB

# Industriya ng niyog, patuloy na bumabagsak

Mahalaga ang industriya ng niyog sa buong sektor ng agrikultura sa ating bansa. Sa kasalukuyan, halos 26% ng lupang sakahan ay nakalaan sa niyugan, at pinagkukunan ng kabuhayan ng halos apat na milyong magniniyog.

Sa kabila nito, bagsak ang industriya ng niyog sa bansa. Sa tala, may 60% ng mga magniniyog at manggagawang bukid ang mababa pa sa hangganan ng karalalitaan ang kinikita sa araw-araw.

**Kalagayan ng magniniyog**

Dulot ng agresibong pagpapalit-gamit ng lupa, libu-libong magsasaka ang napalayas sa kanilang lupa at nawalan ng kabuhayan.


Ayon sa DAR, mayorya ng proyektong pagpapalit-gamit ng lupa ay nasa mga rehiyon na nangunguna sa produksyon ng niyog—Central Luzon, Misamis Oriental at Southern Luzon. Saklaw nito ang libu-libong ektarya ng niyugan na gagawing pook pasyalan, mga proyektong pang-imprastruktura sa ilalim ng "Build, Build, Build", *sports complex,* negosyong pabahay at iba pa.

Milyun-milyong puno ng niyog din ang nawasak ng bagyong Yolanda at pesteng Cocolisap na tumama sa Visayas at ilang bahagi ng Luzon. Sa Leyte pa lamang, may halos 33 milyong puno ng niyog ang sinira ng bagyo.

Masahol pa, kontrolado ng malalaking panginoong maylupa at negosyante ang industriya ng niyog—mula sa lupa at iba't ibang produkto ng niyog.

Sa Bikol, umaabot sa 58% ang kinikita ng panginoong maylupa (na kadalasa'y may-ari rin ng mga *oil mill* o kumprada). Halimbawa, sa 1,116 kilo ng kopra (18 ka sako), na binibili nito sa halagang P17/kilo, umaabot sa P10,977 ang napupunta sa panginoong maylupa. Samantala, nasa 17.8% o P3,375 lamang ng kita ang napupunta sa magniniyog habang 18.4% o P3,500 ay paghahatian ng siyam na manggagawang bukid. Sa gayon, P75/araw lamang ang kita ng magniniyog bawat 45 araw na isang siklo ng anihan. Gayundin, nasa P388 lamang ang kikitain ng bawat manggagawang bukid sa loob ng parehong siklo o P15.50 /araw.

Padausdos ang presyo ng kopra



na nagsimula noong nakaraang taon. Mula P40 kada kilo, bumagsak ito tungong P13. Sa Sorsogon, binibili sa mga magsasaka ang isang buong niyog nang P2-4 kada kilo na dating nagkakahalaga ng P8-12. Ayon sa mga magniniyog, halos P4-7 na lamang kada araw ang kanilang kinikita, malayong malayo sa P500-P700 na gastos sa araw-araw ng isang pamilyang magsasaka.

Walang malinaw na paliwanag ang Philippine Coconut Authority (PCA) sa nagaganap na pagbagsak ng presyo ng kopra at buong niyog. Palusot pa ng PCA at iba pang ahensya ng gubyerno, dulot diumano ito ng paglakas ng pandaigdigang kompetisyon sa pagkukunan ng langis mula sa niyog gaya ng mas mura at maraming suplay ng *palm oil.* Dagdag pa nilang palusot ay ang sobra-sobrang suplay ng kopra.

Subalit ang presyo ng langis ng niyog, tulad ng presyo ng gasolina ay monopolisado ng mga dambuhalang korporasyon sa US at mga bansa sa Europe. Sila ang pangunahing pinagdadalhan ng mga produktong niyog mula sa bansa kung kaya't sila ang nakapagtatakda ng presyo.

Dagdag pang pahirap ang sistemang resikada o ang pagbabawas sa halaga ng kopra batay sa sinasabing *moisture content* nito, na arbitraryong itinatakda ng mga malalaking komersyante at mga may-ari ng kumprada.

Samantala, mas malala ang kundisyon ng mga manggagawang bukid na kumikita lamang ng P200-P300 sa bawat isang libong upa sa kawit, pagtatapas, pag-iipon ng niyog at ibang paggawang agrikultural sa niyugan. Biktima rin sila ng laganap na kontraktwalisasyon. Sa inilabas na listahan ng Department of Labor and Employment, pawang kontraktwal at hindi sumasahod ng sapat ang 1,500 manggagawa ng Peter Paul Philippines, kumpanyang nagpoproseso ng niyog.

Pasan din ng mga magkokopras ang pagtaas ng presyo ng bilihin sa ilalim ng batas na TRAIN ng rehimeng Duterte. Dahil dito, halos walang kinikita ang mga magniniyog. Mula P20,000 kada taon, bumagsak ang kanilang kita sa P7,200.

Nagbibingi-bingihan naman ang mga ahensya ng gubyerno sa apela ng mga magniniyog. Bigo itong makapagbigay ng subsidyo at kung may iilan man ay hindi naman nakasasapat. Wala rin itinatayong pasilidad o imprastruktura upang mapaunlad ang paraan ng kanilang pagsasaka.

### Laban para bawiin ang pondong *coco levy*

Ang pondong *coco levy* ay tinipon noong panahon ni Marcos mula sa kinaltas na buwis sa mga maliliit na magniniyog. Hindi ito napakikinabangan hanggang sa kasalukuyan. Umaabot na ito sa halagang P150 bilyon.

Samutsaring kaparaanan ang ginagawa ng mga nagdaang rehimen upang ipagkait ang pondo sa mga magsasaka at pigilan na maibalik ito sa mga lehitimong benepisyaryo. Hanggang ngayon patuloy pa rin ang panawagan ng mga maglulukad na ipamahagi na ang pondo ng *coco levy.*

Nitong Enero lamang, daan-daang magniniyog ang nagmartsa tungong PCA para makipagdayalogo at magprotesta. Giit nilang dapat nang ibalik ang pondo at gamitin para sa pagpapaunlad ng kanilang kabuhayan. Makailang beses din silang naglabas ng petisyon upang kundenahin ang di patas na pagbabawas sa halaga ng kopra, pataasin ang presyo ng niyog at para sa agarang tulong sa mga magniniyog na lubhang apektado ng pagbagsak ng industriya. AB

### Presyo ng mga bilihin, tumataas pa rin

TUMATAAS PA RIN ang presyo ng pagkain sa kabila ng ipinagmamayabang ng rehimeng US-Duterte na "bumaba" na ang tantos sa implasyon sa 4.4% pagpasok ng 2019 mula sa abereyds nitong 5.4% para sa buong taon ng 2018. Ang pagbaba ng tantos ay hindi nangangahulugan ng pagbaba ng presyo ng mga bilihin at serbisyo. Ang ibig sabihin lamang nito ay bumagal ang pagtaas ng mga presyo at singil.

Mismong mga estadistika ng reaksyunaryong estado ang magpapatunay na nananatiling mataas ang presyo ng mga bilihin. Halimbawa, mas mataas pa rin ang presyo ng bigas nang P3 kumpara sa nakaraang taon. Gayundin, mas mahal pa rin ang asukal nang P10 at ang bawang nang P20, habang naglalaro naman sa P10-P40 na mas mataas ang presyo ng mga gulay. Sa iba't ibang palengke sa Metro Manila, walang kaibahan ang mga presyo ng karneng baboy, baka, manok at galunggong nitong Enero kumpara noong Oktubre 2018 kung saan umabot sa 6.7% ang tantos ng implasyon, pinakamataas ito sa nakaraang 10 taon.

Ayon sa Ibon, ang pinakamahihirap ang umiinda sa tuluy-tuloy na pagtaas ng mga presyo ng pagkain. Alinsunod sa padron ng paggasta ng mga pamilyang Pilipino, umaabot sa 60% ng kinikita ng pinakamahihirap na pamilya ang napupunta sa pagkain. Sa gayon, lalong dumarami ang nagugutom sa panahong mataas ang implasyon.

Kinutya rin ng Ibon ang taya ng mga upisyal sa ekonomya ng rehimeng Duterte na bababa pa sa 2% hanggang 4% ang tantos ng implasyon ngayong taon. "Imposible," ayon pa sa Ibon, lalupa't nakatakdang ipataw ang pangalawang serye ng buwis sa mga produktong petrolyo ngayong 2019. Kasabay nito, tinatayang mananatiling mataas ang presyo ng krudo sa pandaigdigang pamilihan kung kaya anumang pagbagal ng implasyon ay muling kakainin ng pagtaas ng gastos sa transportasyon. Inamin mismo ng mga upisyal ni Duterte na hindi nila isinama sa kanilang mga kalkulasyon ang naturang dagdag na buwis.

## Simbahan, mga progresibong grupo, nagkaisa laban sa tiraniya

IBA'T IBANG SEKTOR AT organisasyon ang nagprotesta laban sa pasismo at tiraniya noong Enero. Pinangunahan ang mga ito ng mga relihiyoso, manggagawa mula sa Sumifru, kabataang Lumad, kababaihan at magsasaka.

Nagsama-sama ang mga taong-simbahan at mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao upang ipanawagan ang hustisya, katotohanan at kapayapaan sa isang prayer rally sa Malate, Maynila noong Enero 25 na tinagurian nilang "One Faith, One Nation, One Voice" (Isang Pananampalataya, Isang Bayan, Isang Boses). Pinangunahan ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines at National Council of Churches in the Philippines ang pagkilos.

Binatikos nila ang pang-aalipusta at paninira ng rehimeng Duterte sa simbahan, gayundin ang kanyang panghihikayat na nakawan o patayin ang mga obispo. Mariin din nilang kinundena ang laganap na kawalan ng hustisya at pananagutan sa bansa.

Dumalo sa aktibidad ang mga manggagawa mula sa Sumifru at mga Lumad na napalayas sa kanilang komunidad dulot ng matinding militarisasyon. Ipinanawagan nila ang kapayapaan na nakabatay sa hustisya. Hinimok nila ang mamamayan na makiisa sa kanilang pakikibaka dahil ang kanilang laban ay para sa lahat ng inaapi.

Nakiisa rin sa okasyon sina Bishop Roderick Pabillo, dating Sen. Rene Saguisag, Bro. Armin Luistro at Sr. Mary John Mananzan.

Ani Sr. Mananzan, tinatarget ng rehimeng Duterte ang mga taong simbahan sa pamamagitan ng iba't ibang ahensya ng gubyerno at kanyang mga elemento upang patahimikin ang kanilang paglaban.

Ayon naman kay Bro. Armin Luistro, "hindi na uubra ang mga mahahabang dasal at pasensya. Ang pagkilos na ito ay para sa mga inaapi, ang mga ikinukulong na walang sala at pinagsasamantalahan." AB

### Ika-32 taon ng Mendiola Massacre, ginunita

NAGTIPON ANG MGA magbubukid mula sa Bulacan, Tarlac, Pampanga, Bataan, Zambales, Pangasinan, Laguna at Batangas noong Enero 22 sa harap ng Malacañang para manawagan ng hustisya para sa masaker ng mga magsasaka sa Mendiola noong 1987. Tatlumpu't dalawang taon na ang nakalilipas pero ni isa ay wala pang nakakasuhan ni nahahatulan sa madugong krimen. Labintatlong magsasakang ang nasawi habang daan-daan ang nasugatan matapos pagbabarilin ng mga pulis at sundalo ang 20,000 magsasakang nagmartsa para sa tunay na reporma sa lupa sa naturang insidente.

Kinundena rin ng KMP ang patuloy na pamamaslang sa mga magsasaka at mangingisda sa ilalim ng rehimeng Duterte. Ayon sa KMP, mahigit 170 na ang magsasakang biktima ng pampulitikang pamamaslang.

Sa Bicol, mahigit 1,500 magsasaka at tagasporta nila ang nakiisa sa paggunita ng brutal na masaker. Nagtipon ang 700 sa harap ng kapitolyo ng Albay sa Legazpi City. Nagtipon naman ang 800 sa Sorsogon City. Kasabay nito, idinaos ang panrehiyong kongreso ng Anakpawis sa Naga City na nilahukan ng 500 kasapi ng grupo.

Sa Negros, pinangunahan ng Bagong Alyansang Makabayan-Negros at National Federation of Sugar Workers ang martsa-protesta mula Capitol Lagoon Park tungong Fountain of Justice sa Bacolod City noong Enero 21. Sigaw ng mga raliyista ang hustisya para sa siyam na magsasakang minasaker sa Sagay noong nakaraang taon at sa brutal na pamamasalang sa lider magsasakang si Alexander Ceballos. Naglunsad din ng kaugnay na protesta sa Cebu, Davao, Misamis Oriental at Bukidnon.

### Kampuhan ng Sumifru sa Maynila, naigiit

MATAGUMPAY NA naipagtanggol ng mga manggagawa ng Sumifru, sa ilalim ng Nagkahiusang Mamumuo sa Suyapa Farm (NAMASUFA) ang kanilang kampuhan sa Liwasang Bonifacio, Maynila noong Pebrero 4. Mahigit nang dalawang buwan ang kampuhan na nagsimula noong Nobyembre 27 upang igiit sa DOLE at Sumifru na kilalanin ang kanilang unyon at gawin silang regular, ikinasa ng mga manggagawa ang kanilang welga noong Oktubre 1.

Nagbanta ang Manila City Hall na kanilang bubuwagin ang kampuhan para diumano sa planong renobasyon ng DPWH sa lugar subalit wala namang maipakitang kasulatan hinggil dito. Patuloy pa rin ang banta ng pagdemolis sa kampuhan.

Bago nito, lumahok ang mga manggagawa sa protesta para wakasan na ang batas militar sa Mindanao noong Enero 29 sa harap ng Korte Suprema. Itinaon nila ang protesta sa pagdinig ng korte para sa muling pagpapalawig ng batas militar. Kasama nila ang mga estudyante mula sa iba't ibang unibersidad sa Metro Manila.

Sa kabila ng malakas na ulan, nagprotesta noong Enero 20 ang mga myembro ng Samahan ng Maliliit na Mangingisda sa San Miguel Bay sa harap ng munisipyo ng Tinambac, Camarines Sur. Tinutulan nila ang pagpapa-demolis ng lokal na pamahalaan sa mga biyakos (mga istrukturang gawa sa kawayan at lambat na gamit sa pangingisda) sa Look River. Ayon kay Leo Velarde, tagapangulo ng SMM-SMB, binalewala ng meyor ng Tinambac ang kanilang petisyon noong Disyembre 2018 na nagresulta sa kawalan ng kabuhayan ng halos 60% ng mangingisda sa naturang bayan.

## Mga progresibong grupong *partylist*, inaatake ni Duterte

SUNUD-SUNOD NA IBINASURA ng Commission on Elections (Comelec) noong Enero ang kandidatura ng demokratiko at progresibong mga grupong *party-list* habang pinaburan ang mga grupong pinamumunuan ng dinastiyang pulitikal, kabilang ng pamilya ni Rodrigo Duterte.

Kabilang sa mga progresibong grupo na hinarang ng Comelec ang Manggagawa Partylist, Aksyon Health Workers at People's Surge Partylist na pawang kabilang sa koalisyong Makabayan. Dahil dito, naglunsad ng rali ang iba't ibang grupo sa harapan ng upisina ng Comelec noong Enero 23 para batikusin ang desisyon.

Kasabay nito, tuluy-tuloy ang pang-aatake ng rehimen sa subok na at kilalang progresibong grupo ng Makabayan bloc. Ibinasura kamakailan ng Court of Appeals ang apela ng ACT Teachers Party na itigil na ng Philippine National Police (PNP) ang sarbeylans at panggigipit sa kanilang mga myembro. Kaugnay ito sa nabunyag na kautusan na tukuyin at imbestigahan ang mga myembrong guro nito na tinagurian ng PNP na mga "kaaway ng estado."

Sa kabilang banda, ipinanawagan ng mga progresibong grupo ang diskwalipikasyon ng mga huwad na grupong pinatatakbo ng Duterte. Kabilang sa mga ito ang AA-Kasosyo at Duterte Youth. Ang AA-Kasosyo ay hawak ni Mocha Uson habang ang Duterte Youth naman ay pinamamahalaan ni Ronald Cardema na tagapangulo din ng National Youth Commission.

Samantala, tinukoy ng Kontra Daya ang mga pekeng grupong *partylist* na pinahihintulutan ng Comelec na tumakbo sa kabila ng malilinaw na palatandaang walang kinakatawang "mahihirap na sektor" ang naturang mga grupo at kunektado sa kasulukuyang mga upisyal ng gubyerno at mga pampulitikang dinastiya. Kabilang dito ang malalapit na kaalyadong pamilya ni Duterte tulad ng mga Marcos, Alvarez, Arroyo, Villar at Pinol.

## BOL, pinagtibay sa plebisito

NAPAGTIBAY ANG BANGSAMORO Organic Law (BOL) sa plebisitong ginanap noong Enero 21 sa Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM). Alinsunod sa BOL, bubuuin sa ilalim ng GRP ang Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM) kapalit ng ARMM. Mapapabilang sa BARMM ang Cotabato City, gayundin ang ilang bayan ng North Cotabato habang tumanggi namang mapabilang dito ang buong Lanao del Norte.

Ang BOL ay batas na pinagtibay ng reaksyunaryong kongreso kasunod ng negosasyon sa pagitan ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) at Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP). Kasunod ng pagpapatibay sa BOL, bubuuin ang Bangsamoro Transition Authority na hihirangin ni Duterte at magsisilbing gubyerno sa BARMM. Hakbang-hakbang namang magdidisarma ang MILF matapos ideklarang tapos na ang gera.

Subalit ayon sa grupong Suara Bangsamoro, ang pagbubuo ng BARMM ay "di awtomatikong nangangahulugan na matatamo na ang matagalang kapayapaan sa lugar ng Bangsamoro" at "dapat ipagpatuloy ng mamamayang Moro ang paggigiit ng kanilang karapatan sa sariling pagpapasya."

Samantala, patuloy na pinaiigting ng AFP ang mga opensiba nito sa iba't ibang bahagi ng Lanao at Maguindanao laban sa Bangsamoro Islamic Freedom Fighters, na hindi sumuporta sa BOL. Ang mga opensibang ito ay nakatuon sa pagkontrol sa yamang rekurso ng Liguasan Marsh.

## Sentenaryo ng pagpatay kina Luxemburg at Liebknecht, ginunita

NAGDAOS NOONG ikalawang linggo ng Enero ng isang linggong selebrasyon sa Germany upang gunitain ang 100-taong anibersaryo ng pagtortyur at pagpatay kina Rosa Luxemburg at Karl Liebknecht, kapwa nanguna sa tagapagtatag ng Partido Komunista ng Germany noong 1918 at mga lider ng mga pag-aalsa noong Nobyembre 1918 sa pagwawakas ng emperyo ng Germany noong World War I. Sila ay inaresto ng Frekorps, maka-Kanang milisya noong Enero 15, 1919, malao'y pinatay pagkaraan ng matinding pagpapahirap.

Ang paggunita sa Germany ay isinagawa ng iba't ibang grupo kabilang ang Marxist-Leninist Party of Germany, Juggenwiderstand at Rot Front (Red Front). Sa mensahe ni Kasamang Jose Maria Sison noong Enero 12, hinimok niya ang mga rebolusyonaryo sa Germany na humalaw ng wastong mga aral mula sa kasaysayan para pukawin ang pakilusin ang masang anakpawis para sa reporma at rebolusyon, pag-oorganisa ng mga rebolusyonaryong kilusan, pag-agaw ng kapangyarihan at pagtatatag ng sosyalistang republika.

Nananawagan siya na "magkaisa sa ilalim ng bandila ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, at makibaka para magkaisa upang mag-ambag ng ubos nila makakaya para sa pagbubuo ng abanteng partidong rebolusyonaryo ng proletaryado at matatag na kilusang masa para sa demokrasya at sosyalismo." Hinimok din niya ang nasabing mga organisasyon na ubos-kayang pukawin, organisahin at pakilusin ang kabataan, ang proletaryado at iba pang mamamayan ng Germany para labanan ang pasismo, magtagumpay sa laban para sa demokrasya at isulong ang sosyalismo.